

Pakete ng Impormasyon Tungkol sa Pag-aapela sa Lanterman Act

Ang [Lanterman Act](#) ay nagtatatag ng mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat at mga serbisyo na magagamit ng mga kwalipikadong taga-California na may mga kapansanang intelektwal o kapansanan sa pag-unlad. Ipinapaliwanag ng Pakete ng Impormasyon na ito ang proseso ng pag-apela sa ilalim ng Lanterman Act. Maaaring gamitin ang prosesong ito kapag gusto ng mga indibidwal na i-apela ang desisyon ng regional center na hindi sila karapat-dapat para sa mga serbisyo ng Lanterman Act, o para i-apela ang desisyon ng regional center tungkol sa uri o halaga ng mga serbisyo.

Tinatalakay sa paketeng ito ang tungkol sa mga regional center. Nalalapat din ang proseso ng pag-apela para sa sinumang naninirahan sa isang pasilidad na pinapatakbo ng estado: Porterville Developmental Center, Fairview Developmental Center (STAR acute crisis center), Canyon Springs Community Facility, at mga STAR (Stabilization Training Assistance Reintegration) home. Ang proseso para sa pag-apela ng mga desisyon ng pasilidad na pinapatakbo ng estado ay pareho sa inilarawan sa paketeng ito.

Mayroong ibang pakete ng impormasyon para sa mga indibidwal na tumatanggap ng [mga serbisyo ng Early Start](#). Ang mga serbisyo ng Early Start ay para sa mga batang wala pang 3 taong gulang na kwalipikado para sa mga serbisyo ng regional center dahil sa pagkaantala sa kanilang pag-unlad, ilang partikular na kondisyon, o ilang partikular na salik ng panganib.

Ang paketeng ito ay ginawa gamit ang mga input mula sa komunidad. Pinahahalagahan namin ang mga kontribusyon ng mga tagapagtaguyod ng sarili, mga pamilya, mga organisasyong pang-advokasiya, mga organisasyong nakabase sa komunidad at mga regional center. Ang iyong input tungkol sa pakete at mga kabatiran tungkol sa kung paano pinakamahusay na maipapamahagi ang impormasyong ito ay napakahalaga. Pinahahalagahan ng Department of Developmental Services (DDS) ang lahat ng iyong oras at pagsisikap na gawing kapaki-pakinabang ang pakete ng impormasyong ito sa mga indibidwal na may mga kapansanang intelektwal at kapansanan sa pag-unlad at kanilang mga pamilya.

Kung kailangan mo ng naka-print na bersyon ng paketeng ito, mangyaring i-print ito mula sa website ng DDS: <https://www.dds.ca.gov/general/appeals-complaints-comments/infopacket.pdf>, o makipag-ugnay sa:

- Ang iyong regional center service coordinator
- Ang iyong clients' rights advocate (CRA, tagapagtaguyod ng mga karapatan ng mga kliyente) sa:
 - (800) 390-7032 para sa Northern California, o
 - (866) 833-6712 para sa Southern California, o

- Hanapin ang client's rights advocate sa iyong regional center dito:
<https://www.disabilityrightsca.org/what-we-do/programs/office-of-clients-rights-advocacy-ocra/ocra-staff-links>
- Ang Tanggapan ng Ombudsperson sa (877) 658-9731 o Ombudsperson@dds.ca.gov

Paano Gagamitin ang Pakete ng Impormasyong ito

Ang paketeng ito ay nagbibigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa proseso ng pag-apela at iyong mga karapatan. May mga link sa buong pakete ng impormasyon na ito sa mga fact sheet at iba pang mga mapagkukunan na nagbibigay ng higit pang impormasyon. Nasa ibaba ang sampung bahagi ng Pakete ng Impormasyon Tungkol sa Pag-apela. Mag-click sa isa sa mga bahagi sa ibaba upang makakuha ng higit pang impormasyon:

1. [Pangkalahatang-ideya tungkol sa Proseso ng Apela](#)
2. [Pagkuha ng Tulong sa isang Apela](#)
3. [Paunawa ng Aksyon](#)
4. [Mga Deadline sa Pag-apela, at Paano Maghahain ng Apela](#)
5. [Mga Karapatan sa Pag-apela](#)
6. [Hindi Pormal na Pagpupulong](#)
7. [Pagpupulong na may Tagapamagitan](#)
8. [Pagdinig](#)
9. [Pagkatapos ng Desisyon sa Pagdinig](#)
10. [Flow Chart](#) ng Proseso ng Apela kasama ang mga Deadline

Pangkalahatang-pananaw tungkol sa Proseso ng Apela

Ano ba ang Apela?

Ang apela ay isang paraan upang malutas ang hindi pagkakasundo sa iyong regional center. Ang mga halimbawa ng hindi pagkakasundo ay maaaring:

- Gusto ng iyong regional center na bawasan ang bilang ng mga oras na natatanggap mo para sa isang serbisyo ng indibidwal na plano ng programa (IPP). Gusto mong panatilihin pareho ang iyong mga oras ng serbisyo.
- Hiniling mo sa regional center na magbigay ng bagong serbisyo. Sinabi ng regional center na hindi kailangan ang serbisyo.
- Nag-apply ka para sa mga serbisyo ng regional center. Sinabi ng regional center na hindi ka karapat-dapat.
- Kasalukuyan kang nakakakuha ng mga serbisyo ng regional center. Sinabi ng regional center na hindi ka na karapat-dapat.

Kung ikaw at ang regional center ay hindi magkasundo, may karapatan kang i-apela ang desisyon ng regional center.

Paunawa ng Aksyon (Notice of Action, NOA)

Makakatanggap ka ng Paunawa ng Aksyon (Notice of Action, NOA) kapag ikaw at ang regional center ay hindi nagkasundo. Ang NOA ay ipinadala sa iyo ng regional center at sinasabi sa iyo ang tungkol sa mga dahilan para sa desisyong ito. Sinasabi sa iyo ng NOA ang petsa kung kailan mangyayari ang desisyon. Inilalarawan ng NOA ang iyong mga karapatan na mag-apela, at nagbibigay ito ng form ng Kahilingan na Mag-apela.

Hindi ka makakakuha ng NOA kung ikaw at ang regional center ay nagkasundo tungkol sa isang desisyon. Ang kasunduang ito ay dapat na nakasulat. Ang iyong kasunduan ay tinatawag na mutual consent.

Paano Humiling na Mag-apela

Nagsumite ka ng form ng Kahilingan na Mag-apela sa DDS upang simulan ang iyong apela. Ang iyong NOA ay nagbibigay ng form ng Kahilingan na Mag-apela. Narito rin ang online na form ng Kahilingan na Mag-apela: <https://www.dds.ca.gov/general/appeals-complaints-comments/forms/ARF>

- Ang pinakamabilis na paraan para humiling ng apela ay online sa website ng DDS sa link sa itaas.
- Maaari mong ipadala ang form sa pamamagitan ng email sa appealrequest@dds.ca.gov. Maaari kang mag-download ng isang papel na kopya mula sa parehong website.
- Kung gusto mong ipadala ang form sa pamamagitan ng koreo, idirekta ang iyong kahilingan sa:
Office of Community Appeals and Resolutions
1215 O Street MS 8-20
Sacramento, CA 95814
- Maaari mong i-fax ang form sa 916-654-3641.

Makakatanggap ka ng email o sulat mula sa DDS na nagsasabing natanggap ang iyong kahilingan na mag-apela.

Deadline ng Paghain ng Iyong Kahilingan na Mag-apela

Dapat mong isumite ang iyong kahilingan na mag-apela nang nasa oras. May dalawang deadline.

- Upang panatilihin ang iyong mga kasalukuyang serbisyo sa panahon ng iyong apela, ang iyong kahilingan ay dapat na minarkahan ng koreo (postmarked) o natanggap ng DDS nang hindi lalampas sa 30 araw mula nang makuha mo ang iyong NOA at bago maganap ang pagkilos. Ang pagpapanatili ng iyong kasalukuyang mga serbisyo sa panahon ng apela ay tinatawag na aid paid pending.
- Kung ang iyong kahilingan na mag-apela ay isinama 31 hanggang 60 araw mula nang makuha mo ang iyong NOA, ibababa ang desisyon ng regional center habang nagpapatuloy ang iyong apela.
- Ang lahat ng mga kahilingan na mag-apela ay dapat na namarkahan ng koreo (postmarked) o natanggap ng DDS nang hindi lalampas sa 60 araw mula nang makuha mo ang iyong NOA.

Mga Karapatan sa Pag-apela

Mayroon kang ilang mga legal na karapatan sa panahon ng apela. Ang mga karapatan ay inilalarawan sa iyong NOA. Makukuha rin ang mas detalyadong paglalarawan ng iyong mga karapatan dito: <https://www.dds.ca.gov/general/appeals-complaints-comments/appealrights.pdf>.

May karapatan kang maghain ng Apela kung hindi ka sumasang-ayon sa isang desisyon o aksyon na ginawa ng regional center. Ang iyong kahilingan na mag-apela ay dapat na ihain sa loob ng 60 araw pagkatapos ng abiso ng desisyon o pagkilos.

Sa panahon ng apela, mayroon kang mga sumusunod na karapatan:

- Makatanggap ng sapat na paunawa at impormasyon sa iyong gustong wika na maiintindihan mo.
- Makatanggap ng impormasyon sa pamamagitan ng koreo, email, o iba pang paraan na napili mo.
- Pumili ng proseso ng apela na gusto mo. Ito ay maaaring isang hindi pormal na pagpupulong, pagpupulong na may tagapamagitan, o pagdinig. Maaari mong baguhin ang iyong kahilingan na mag-apela anumang oras, at maaari kang dumalo sa hindi pormal na pagpupulong, pagpupulong na may tagapamagitan o pagdinig sa pamamagitan ng telepono, video o sa personal.
- Panatilihin ang iyong mga kasalukuyang serbisyo sa panahon ng apela kung ang iyong kahilingan na mag-apela ay natanggap ng DDS o minarkahan ng koreo

(postmarked) ng 30 araw pagkatapos mong makuha ang iyong Paunawa ng Aksyon (Notice of Action), at bago maganap ang pagkilos.

- Ma-access ang mga record ng regional center tungkol sa iyo.
- Pumili ng maginhawang oras at lugar para sa iyong hindi pormal na pagpupulong, pagpupulong na may tagapamagitan, o pagdinig.
- Magkaroon ng tulong o suporta sa panahon ng iyong apela. Maaaring ito ay isang abogado o ibang tao, kasama ang iyong awtorisadong kinatawan.
- Maaari ka ring magpapunta ng abogado sa anumang bahagi ng iyong apela. Dapat mong sabihin nang maaga sa regional center kung magpapapunta ka ng abogado sa isang hindi pormal na pagpupulong, pagpupulong na may tagapamagitan, o pagdinig.
- Magkaroon ng interpreter na makakapag-interpret nang mabisa, tumpak, at walang kinikilingan.
- Humiling ng higit pang oras kung kailangan mo ito.
- Humiling ng ibang Tagapamagitan o Opisyal ng Pagdinig kung sa tingin mo ay hindi sila magiging patas.
- Dumalo sa lahat ng bahagi ng iyong apela.
- Pumili kung gusto mong bukas o sarado ang iyong pagdinig sa publiko.
- May karapatan kang magsalita nang malaya at lantaran sa iyong pagdinig. Ang Opisyal ng Pagdinig ay makikinig, magtatanong, at mangangalap ng mga dokumento mula sa iyo at sa regional center at itatala ang mga impormasyon sa opisyal na record.
- Mabigyan ang Opisyal ng Pagdinig ng impormasyon upang suportahan ang iyong apela.
- Magkaroon ng mga saksi na magpapatotoo sa ngalan mo.
- Magtanong sa mga saksi ng regional center.

Impormasyon sa Iyong Ginustong Wika

Tutukuyin mo ang iyong gustong wika at maaaring kang humiling ng interpreter sa form ng Kahilingan na Mag-apela. Nagkakaloob ng interpreter sa lahat ng bahagi ng iyong apela kung ang iyong gustong wika ay hindi Ingles. Ang isang interpreter ay dapat na makapag-interpret nang mabisa, tumpak, at walang kinikilingan. Ang regional center ay nagbibigay ng interpreter sa iyong hindi pormal na pagpupulong. Ang Opisina ng Pagdinig ay nagbibigay ng interpreter para sa iyong pagpupulong na may tagapamagitan at pagdinig.

Ang iyong Paunawa ng Aksyon (Notice of Action, NOA) at iba pang mga dokumento at form ay dapat nasa iyong gustong wika. Kung makatanggap ka ng impormasyon, sulat, o form na hindi nakasulat sa iyong gustong wika, maaari mo itong ipasalin sa wika sa regional center.

Mga Bahagi ng Proseso ng Apela

Ang proseso ng apela ay may tatlong bahagi. Maaari mong gamitin ang isa o higit pa sa mga bahaging ito. Piliin ang mga bahaging gusto mong gamitin sa iyong form ng Kahilingan na Mag-apela. Kung hindi mo malulutas ang iyong hindi pagkakasundo gamit ang isang bahagi, maaari kang magpasya na gumamit ng iba pang mga bahagi. Ang tatlong bahagi ng proseso ng apela ay:

1. Hindi Pormal na Pagpupulong

Makipagkita ka sa Regional Center Director o sa isang taong pipiliin nila. Susubukan mo at ng regional center na resolbahin ang iyong apela.

2. Pagpupulong na may Tagapamagitan

Ikaw at ang regional center ay makikipagpulong sa isang Tagapamagitan. Ang Tagapamagitan ay isang taong walang kinikilingan. Ang Tagapamagitan ay hindi nagtatrabaho para sa regional center. Sinusubukan ng Tagapamagitan na tulungan ka at ang regional center na makarating sa isang kasunduan tungkol sa desisyon ng regional center. Kung hindi kayo makakaabot sa isang kasunduan, maaari mong gamitin ang iba pang bahagi ng proseso ng apela.

3. Pagdinig

Ang iyong pagdinig ay kasama ang Opisyal ng Pagdinig. Ang Opisyal ng Pagdinig ay hindi nagtatrabaho para sa regional center. Ang Opisyal ng Pagdinig ay nakikinig sa impormasyon mula sa iyo at sa regional center. Tinutulungan ka ng Opisyal ng Pagdinig na ilabas ang iyong mga katotohanan. Ang pagdinig ay ginagawang patas at hindi pormal ng Opisyal ng Pagdinig. Pagkatapos ay gagawa ng desisyon ang Opisyal ng Pagdinig tungkol sa mga isyu sa iyong apela.

Mga Abogado

Ang bawat isa ay may karapatang matulungan ng isang abogado sa panahon ng proseso ng apela, kasama ka. Gayunpaman, ang mga regional center ay maaaring magpadalo ng abogado sa isang hindi pormal na pagpupulong, pagpupulong na may tagapamagitan, o pagdinig lamang kung mayroon kang isang abogadong kasamang dumalo. Dapat mong sabihin nang maaga sa regional center kung magkakaroon ka ng abogadong dadalo sa iyong pagpupulong na may tagapamagitan o pagdinig. Maaaring pahintulutan ng isang Tagapamagitan o Opisyal ng Pagdinig ang isang abogado na dumalo kung napagpasyahan ng Tagapamagitan o Opisyal ng Pagdinig na ang paggawa nito ay para sa interes ng hustisya, ngunit ito ay bihira.

Mga Deadline para sa Pagkumpleto ng Mga Apela

Dapat matapos ang mga apela 90 araw pagkatapos matanggap ng DDS ang iyong form ng Kahilingan na Mag-apela. Ang mga deadline na ito ay maaaring pahabain kung ikaw o ang regional center ay humiling ng pagpapatuloy. Ipinapakita sa iyo ng tsart na ito (<https://www.dds.ca.gov/general/appeals-complaints-comments/timeline.pdf>) ang mga deadline ng apela.

Kung kailangan mo ng tulong, pakitingnan ang [Seksyon 2](#) ng paketeng ito.

Pagkuha ng Tulong sa Iyong Apela

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa paggawa ng kahilingan na mag-apela, o tungkol sa katayuan ng iyong apela, maaari kang magpadala ng email sa appealrequest@dds.ca.gov

Maaari kang makakuha ng tulong sa iyong kahilingan na mag-apela. Ang mga taong maaaring tumulong sa iyo ay:

- Ang iyong service coordinator o iba pang kawani ng regional center, kung tatanungin mo sila.
- Ang iyong clients' rights advocate (CRA, tagapagtaguyod ng mga karapatan ng mga kliyente) sa:
 - (800) 390-7032 para sa Northern California, o
 - (866) 833-6712 para sa Southern California, o
 - Hanapin ang client's rights advocate sa iyong regional center dito: <https://www.disabilityrightsca.org/what-we-do/programs/office-of-clients-rights-advocacy-ocra/ocra-staff-links>
- Ang mga Tanggapan ng [Ombudsperson](#) sa (877) 658-9731 o sa ombudsperson@dds.ca.gov. Kung ikaw ay nasa email ng Self-Determination Program, mag email sa halip sa sdp.ombudsperson@dds.ca.gov.
- [Maaari ka ring makakuha ng tulong mula sa isang Family Resource Center:](https://frcnca.org/get-connected/)
- [Maaaring tulungan ka ng iyong regional center na makahanap ng lokal na grupo na sumusuporta sa mga magulang o organisasyong nakabase sa komunidad na maaaring makatulong sa iyo.](#)

Paunawa ng Aksyon

Kapag Nakatanggap Ka ng Paunawa ng Aksyon (Notice of Action (NOA))

Magpapadala sa iyo ang regional center ng nakasulat na NOA kapag ikaw at ang regional center ay hindi magkasundo tungkol sa desisyon ng regional center tungkol sa mga serbisyo

sa iyo o sa iyong pagiging karapat-dapat para sa mga serbisyo. Mayroon ditong blangkong NOA para makita mo kung ano ang hitsura nito: <https://www.dds.ca.gov/general/appeals-complaints-comments/forms/NOA>

Kailan Ka Makakakuha ng NOA

Hindi ka padadalhan ng regional center ng NOA kung sumasang-ayon ka sa desisyon ng regional center na:

- Binabawasan, binabago o itinitigil ang isang serbisyo
- Tinatanggihan ang isang bagong serbisyo na gusto mo
- Napagpasyahang hindi ka karapat-dapat para sa mga serbisyo ng regional center

Ang iyong pagsang-ayon sa desisyon ng regional center ay dapat na nakasulat sa isang dokumento. Ang kasunduang ito ay tinatawag na mutual consent (<https://www.dds.ca.gov/general/appeals-complaints-comments/info/mutualconsent.pdf>). Ang mga bagay na nagpapakita na sumang-ayon ka ay:

- Pumirma ka sa isang Individual Program Plan (IPP) kasama ang iminungkahing pagbabago o pagtanggihan dito.
- Pinirmahan mo ang isang listahan ng mga serbisyo kasama ang iminungkahing pagbabago o pagtanggihan dito.
- Nagpadala sa iyo ang regional center ng liham tungkol sa paniniwala sa katapatan ng intensyon (good faith belief letter) na hindi mo tinutulan. Narito ang isang blangko na liham tungkol sa paniniwala sa katapatan ng intensyon upang makita mo kung ano ang hitsura nito: <https://www.dds.ca.gov/general/appeals-complaints-comments/info/goodfaithbelief.pdf>.
- Nagpadala ka sa regional center ng nakasulat na dokumento o email na nagsasabing sumasang-ayon ka sa desisyon ng regional center.

Mga Deadline ng Regional Center para sa Pagpapadala sa Iyo ng NOA

Magpapadala sa iyo ang regional center ng NOA kung hindi ka sumasang-ayon sa mga desisyon ng regional center tungkol sa iyong mga serbisyo:

- 30 araw bago bawasan, baguhin o ihinto ng regional center ang isang serbisyo
- 5 araw ng negosyo pagkatapos tanggihan ng regional center ang isang serbisyo o suporta na gusto mong idagdag sa iyong IPP

Magpapadala sa iyo ang regional center ng NOA tungkol sa iyong pagiging karapat-dapat para sa mga serbisyo ng regional center:

- 30 araw bago mahinto ang iyong pagiging karapat-dapat para sa mga serbisyo ng regional center
- 5 araw ng negosyo pagkatapos kang matanggihan ng pagiging karapat-dapat na makatanggap ng mga serbisyo ng regional center

Ang Sinasabi sa Iyo ng Paunawa ng Aksyon (Notice of Action, NOA).

Sasabihin sa iyo ng NOA:

- Ang aksyon na planong gawin ng regional center. Ito ang desisyon ng regional center.
- Ang dahilan para sa desisyon.
- Ang mga katotohanan at batas o patakaran na sumusuporta sa desisyon.
- Ang petsa kung kailan magiging epektibo ang desisyon.

Ang iyong NOA ay:

- Magsasabi sa iyo kung paano mag-apela.
- Magbibigay sa iyo ng kopya ng form ng Kahilingan na Mag-apela.
- Magsama ng kopya ng iyong mga karapatan na umapela.
- Sabihin sa iyo kung paano makakuha ng tulong sa isang apela.

Ang iyong NOA ay nasa iyong gustong wika.

Kung kailangan mo ng tulong, [pumunta sa Seksyon 2](#) ng pakete na ito.

Mga Deadline ng Apela, at Paano Maghain ng Apela

Deadline ng Paghain ng Iyong Apela

Dapat mong isumite ang iyong kahilingan na mag-apela nang nasa oras. May dalawang deadline.

- Upang mapanatili ang iyong mga kasalukuyang serbisyo sa panahon ng iyong apela, ang iyong kahilingan ay dapat na mamarkahan ng koreo (postmarked) o matanggap ng DDS nang hindi lalampas sa 30 araw mula nang makuha mo ang iyong NOA at bago maganap ang aksyon. Ang pagpapanatili ng iyong kasalukuyang mga serbisyo sa panahon ng apela ay tinatawag na aid paid pending.

- Ang lahat ng mga kahilingan na mag-apela ay dapat na namarkahan ng koreo (postmarked) o natanggap ng DDS nang hindi lalampas sa 60 araw mula nang makuha mo ang iyong NOA. Kung ang iyong kahilingan na mag-apela ay inihain 31 hanggang 60 araw mula nang makuha mo ang iyong NOA, hindi ka makakatanggap ng aid paid pending.

Saan Maghahain ng Iyong Apela

Ang iyong kahilingan na mag-apela ay dapat ipadala sa DDS.

- Ang pinakamabilis na paraan upang humiling ng apela ay sa pamamagitan ng elektronikong sa website ng DDS sa: <https://www.dds.ca.gov/general/appeals-complaints-comments/forms/appealrequest>.
- Maaari mong ipadala ang form sa pamamagitan ng email sa appealrequest@dds.ca.gov
- Kung gusto mong ipadala ang form sa pamamagitan ng koreo, ang address ay:
Office of Community Appeals and Resolutions
1215 O Street MS 8-20,
Sacramento, CA 95814
- Maaari mong i-fax ang form sa 916-654-3641 Makakatanggap ka ng nagkukumpirmang email o sulat mula sa DDS na natanggap ang iyong apela. Mangyaring panatilihin ang tracking number ng kahilingan na mag-apela na ibinigay sa iyo ng DDS. Sasabihin ng DDS sa regional center na naghain ka ng apela. Sasabihin ng DDS sa Opisina ng Pagdinig kung humiling ka ng hindi pormal na pagpupulong, pagpupulong na may tagapamagitan at/o pagdinig bilang bahagi ng iyong kahilingan na mag-apela.

Sa iyong form ng kahilingan na mag-apela, maaari mong isulat ang anumang petsa o oras kung kailan hindi ka available sa loob ng susunod na 90 araw. Ang iyong hindi pormal na pagpupulong, pagpupulong na may tagapamagitan, o pagdinig ay hindi maiiskedyul sa mga petsa o oras na ito.

Kung kailangan mo ng tulong, pumunta sa [Seksyon 2](#) ng paketeng ito.

Mga Karapatan sa Pag-apela

Mayroon kang mga karapatan sa panahon ng apela. Ang mga karapatan ay kasama sa iyong Paunawa ng Aksyon (Notice of Action, NOA). Ang isang mas detalyadong paglalarawan ng iyong mga karapatan ay nakasaad online dito:

<https://www.dds.ca.gov/general/appeals-complaints-comments/appealrights.pdf>. Narito

ang ilan sa pinakamahalagang karapatan na mayroon ka sa bawat hakbang ng proseso ng apela.

Isang Interpreter

Kung ang iyong gustong wika ay hindi Ingles, mayroon kang karapatan sa isang interpreter. Magbibigay ng interpreter sa lahat ng bahagi ng iyong apela. Maaari kang humingi ng interpreter sa iyong form ng Kahilingan na Mag-apela. Ang isang interpreter ay dapat na makapag-interpret nang mabisa, tumpak, at walang kinikilingan.

Access sa Mga Record

May karapatan kang i-access ang mga record ng regional center tungkol sa iyo. Maaari ka ring makakuha ng kopya ng iyong mga record. Maaaring singilin ka ng mga regional center para sa aktwal na halaga ng paggawa ng iyong mga kopya. Kung hindi mo kayang bayaran ang mga record, sabihin sa iyong regional center. Maaari kang makakuha ng mga libreng kopya ng mga record. Dapat kang makakuha ng access sa iyong mga record sa loob ng tatlong araw ng negosyo mula sa iyong kahilingan.

Magkaroon ng Tulong o Suporta Mula sa Ibang Tao

May karapatan kang magpatulong sa o humingi ng suporta ng isang tao. Maaari itong isang abogado o ibang tao. Ang taong ito ay maaaring ang iyong awtorisadong kinatawan. Kung sumasang-ayon ka, ang iyong awtorisadong kinatawan ay makakatanggap ng impormasyon tungkol sa iyong apela.

Maaari kang humiling sa isang abogado o ibang tao na tulungan kang maghanda para sa iyong apela. Maaari ka ring magpapunta ng abogado sa anumang bahagi ng iyong apela. Dapat mong sabihin sa regional center nang hindi bababa sa 5 araw bago ang isang pagpupulong na may tagapamagitan kung magpapapunta ka ng isang abogado sa pagpupulong na ito. Dapat mong sabihin sa regional center nang hindi bababa sa 15 araw bago ang isang pagdinig kung magpapapunta ka ng isang abogado sa pagdinig. Ang regional center ay hindi maaaring magpapunta ng abogado sa anumang bahagi ng apela maliban kung dadalo ang iyong abogado. Mayroong isang pambihirang pagbubukod dito kapag pinahihintulutan ng Opisyal ng Pagdinig ang isang abogado sa interes ng hustisya.

Panatilihin ang Iyong Mga Kasalukuyang Serbisyo

May karapatan kang ipagpatuloy ang mga serbisyo na kasalukuyan mong natatanggap sa panahon ng apela. Ito ay tinatawag na "aid paid pending." Upang mapanatili ang iyong mga serbisyo, ang iyong apela ay dapat matanggap ng DDS nang nasa oras. Nangangahulugan ito na ang iyong apela ay dapat matanggap o mamarkahan ng koreo (postmarked) 30 araw pagkatapos mong makuha ang iyong Paunawa ng Aksyon (Notice of Action, NOA) at bago ang petsa na sinabi ng regional center na babaguhin o tatapusin nito ang iyong mga serbisyo o tatapusin ang iyong pagiging karapat-dapat.

Kahilingan na Ipagpapatuloy ang Anumang Bahagi ng Apela

Kung kailangan mo ng mas maraming oras, maaari kang humiling ng mas maraming oras. Ito ay tinatawag na pagpapatuloy (continuance). Ang paghiling ng pagpapatuloy ay maaaring pahabain ang oras para sa pagkumpleto ng iyong buong apela.

Humiling ng Ibang Tagapamagitan o Opisyal ng Pagdinig

Maaari kang humiling ng ibang Tagapamagitan o Opisyal ng Pagdinig kung sa tingin mo ay hindi sila maaaring maging patas o walang kinikilingan. Dapat mong gawin ito bago magsimula ang pagpupulong na may tagapamagitan o pagdinig. Dapat kang magbigay ng dahilan para sa iyong kahilingan.

Mayroon ka ring mga sumusunod na karapatan sa isang pagdinig.

Dumalo sa Pagdinig

May karapatan kang dumalo sa lahat ng bahagi ng pagdinig.

Bigyan ang Opisyal ng Pagdinig ng Impormasyon.

Maaari mong bigyan ang Opisyal ng Pagdinig ng impormasyon upang suportahan ang iyong apela. Ang impormasyong ito ay tinatawag na katibayan. Ikaw at ang ibang mga tao na iyong napili ay maaaring pasalitang magbigay ng impormasyon sa Opisyal ng Pagdinig. Ang mga taong ito ay tinatawag na mga saksi. Maaari mo ring bigyan ang Opisina ng Pagdinig ng mga nakasulat na dokumento.

Magtanong ng mga Tanong sa mga Saksi ng Regional Center

Maaaring may mga saksi na padaluhin ang regional center sa pagdinig para magbigay ng pagpapatotoo. May karapatan kang magtanong sa mga saksi ng regional center.

Magpasya kung ang Pagdinig ay Bukas sa Publiko

Bukas ang mga pagdinig sa publiko. Kung ayaw mong dumalo ang publiko sa iyong pagdinig, sabihin sa Opisyal ng Pagdinig na gusto mong sarado ang pagdinig.

Makakuha ng Desisyon sa Pagdinig sa Loob ng 90 araw

Dapat kang makakuha ng desisyon sa pagdinig sa loob ng 90 araw mula sa petsa kung kailan mo inihain ang iyong kahilingan na mag-apela. Ang oras na ito ay papalawigin kung humiling ka ng pagpapatuloy. Ito ay papahabain din kung humingi ng pagpapatuloy ang regional center nang may magandang dahilan at pumayag ang Opisyal ng Pagdinig.

Kung kailangan mo ng tulong, pumunta sa [Seksyon 2](#) ng paketeng ito.

Hindi Pormal na Pagpupulong

Kung humingi ka ng hindi pormal na pagpupulong sa iyong form ng Kahilingan na Mag-apela, ito ang magiging unang bahagi ng iyong apela. Ang isang hindi pormal na pagpupulong ay kasama ang Regional Center Director o isang taong kanilang pipiliin. Sa pagpupulong, susubukan ninyo ng regional center na resolbahin ang inyong mga alalahanin.

Oras at Lugar ng Inyong Hindi Pormal na Pagpupulong

Sasabihin ng DDS sa regional center na gusto mo ng hindi pormal na pagpupulong. Makikipag-ugnayan sa iyo ang regional center para i-iskedyul ang pagpupulong. Ang pagpupulong ay dapat na makatwirang maginhawa para sa iyo. Ang pagpupulong ay maaaring sa personal, sa telepono, o sa pamamagitan ng videoconference, depende sa kung ano ang iyong hiniling. Ikaw at ang regional center ay nagkasundo tungkol sa kung paano isasagawa ang pagpupulong.

Ang hindi pormal na pagpupulong ay dapat isagawa nang hindi hihigit sa 10 araw pagkatapos sabihin ng DDS sa regional center ang tungkol sa iyong kahilingan. Maaari kang humingi ng karagdagang oras. Ito ay tinatawag na "pagpapatuloy". Pinapalawig ng pagpapatuloy ang 10 araw na deadline.

Ano ang Mangyayari sa Hindi Pormal na Pagpupulong

Tatalakayin mo ang iyong pangangailangan para sa mga serbisyo, anumang mga hadlang na iyong naranasan at anumang iba pang impormasyon na gusto mong ibahagi. Ipinapaliwanag ng regional center ang desisyon nito at nakikinig sa impormasyong ibinabahagi mo. Ang regional center ay nakikipagtulungan sa iyo upang makahanap ng solusyon.

Ang regional center ay nagbibigay ng isang kwalipikadong interpreter kung ang iyong gustong wika ay hindi Ingles.

Maaari kang magpatulong o humingi ng suporta mula sa isang abogado o ibang tao. Maaari kang magpatulong sa o ipagawa sa isang abogado o ibang tao ang paghahanda para sa iyong hindi pormal na pagpupulong. Maaari itong ang iyong awtorisadong kinatawan, kung mayroon ka nito. Hindi maaaring magpapunta ang regional center ng abogado sa hindi pormal na pagpupulong maliban kung ikaw ay isang abogado o may pinapunta kang abogado.

Ano ang Mangyayari Pagkatapos ng Hindi Pormal na Pagpupulong

Pagkatapos ng inyong pagpupulong, bibigyan ka ng regional center ng nakasulat na desisyon sa loob ng limang araw. Darating ang desisyong ito sa form na Notipikasyon ng Resolusyon. Narito ang isang blangkong halimbawa ng form na ito upang makita mo kung ano ang hitsura nito: <https://www.dds.ca.gov/general/appeals-complaints-comments/forms/NOR.pdf>. Ang desisyon ay nasa iyong gustong wika. Sinasabi sa iyo ng desisyon:

- Kung ano ang napagpasyahan ng regional center tungkol sa bawat isyu
- Mga katotohanan at partikular na batas o patakaran na sumusuporta sa desisyon nito

Kung sumasang-ayon ka sa desisyon:

- Sabihin sa regional center na sumasang-ayon ka sa pamamagitan ng pagpirma sa form na Notipikasyon ng Resolusyon at pagbabalik nito sa regional center.
- Ang desisyon sa hindi pormal na pagpupulong ay magkakabisa sa loob ng 10 araw pagkatapos mong sabihin sa regional center.
- Magtatapos ang iyong apela. Sasabihin ng regional center sa DDS at sa Opisina ng Pagdinig.

Kung hindi ka sumasang-ayon sa lahat o isang bahagi ng desisyon ng regional center:

- Magtatapos ang iyong aid paid pending 10 araw pagkatapos ng hindi pormal na desisyon maliban kung pipili ka ng iba pang bahagi ng proseso ng apela. Nangangahulugan ito na ang mga serbisyong ipinagpatuloy sa panahon ng iyong apela ay titigil.
- Sabihin sa regional center na gusto mong ituloy ang lahat o isang bahagi ng iyong apela.
- Sasabihin ng regional center sa DDS at sa Opisina ng Pagdinig.
- Kapag humingi ka ng pagpupulong na may tagapamagitan o pagdinig sa iyong form ng Kahilingan na Mag-apela, iyon ang susunod na mangyayari.
- Kung hindi ka humingi ng pagpupulong na may tagapamagitan o pagdinig noong una kang humiling ng apela, maaari mong i-update ang iyong kahilingan na mag-apela upang gamitin ang pagpupulong na may tagapamagitan o pagdinig na mga bahagi ng proseso ng apela. Ipaalam sa DDS kung anong mga bahagi ang gusto mong gamitin sa pamamagitan ng paghahain ng form ng pagbabago sa kahilingan na mag-apela kasama ang iyong [tracking number ng kahilingan na mag-apela](#) na natanggap mo mula sa DDS.

Kung kailangan mo ng tulong, pumunta sa [Seksyon 2](#) ng paketeng ito.

Pagpupulong na may Tagapamagitan

Ang ikalawang bahagi ng proseso ng apela ay isang pagpupulong na may tagapamagitan. Ikaw at ang regional center ay makikipagpulong sa isang Tagapamagitan. Ang Tagapamagitan ay isang taong walang kinikilingan nagtatrabaho para sa Opisina ng Pagdinig. Tinutulungan ka at ang regional center ng Tagapamagitan na makarating sa isang kasunduan tungkol sa iyong apela.

Oras at Lugar para sa Inyong Pagpupulong na may Tagapamagitan

Ang Opisina ng Pagdinig ay nagbibigay-daan sa iyo at sa regional center na malaman ang petsa at oras ng iyong pagpupulong na may tagapamagitan. Hindi ito maiiskedyul sa alinman sa mga petsa o oras na hindi ka maaari na nakalista sa iyong form ng kahilingan na mag-apela maliban kung sumasang-ayon ka.

Dapat isagawa ang pagpupulong na may tagapamagitan sa loob ng 30 araw mula sa petsa na natanggap ng DDS ang iyong kahilingan na mag-apela. Maaari kang humiling ng pagpapatuloy kung kailangan mo ng mas maraming oras. Ang pagpapatuloy ay magpapahaba sa mga deadline ng pagpupulong na may tagapamagitan.

Maaaring isagawa ang pagpupulong na may tagapamagitan sa personal, sa telepono, sa pamamagitan ng videoconference o sa pamamagitan ng iba pang elektronikong paraan, depende sa kung ano ang hiniling mo. Magkakasundo kayo ng regional center at ng Opisina ng Pagdinig tungkol sa kung paano gaganapin ang pagpupulong.

Ano ang Mangyayari sa Pagpupulong na may Tagapamagitan?

Ang pagpupulong na may tagapamagitan ay madalas ang susunod na hakbang sa proseso ng mga apela kung hindi magresulta sa pagkakasundo ang hindi pormal na pagpupulong sa pagitan mo at ng regional center. Hindi mo kailangang lumahok sa isang hindi pormal na pagpupulong bago humiling ng pagpupulong na may tagapamagitan. Ang pagpupulong na may tagapamagitan ay hindi pormal. Tinatalakay mo ang iyong pangangailangan para sa mga serbisyo, ang mga hadlang na iyong naranasan sa pagsubok na magkwalipika para sa mga serbisyo o makakuha ng mga serbisyo, at anumang iba pang impormasyong gusto mong ibahagi. Nakikinig ang Tagapamagitan sa iyong ibinabahagi. Ipapaliwanag ng regional center ang desisyon nito. Ang Tagapamagitan ay maaaring makipagpulong sa iyo at sa regional center nang hiwalay. Tinutulungan ka ng Tagapamagitan at ang regional center na makarating sa isang kasunduan.

Kung kailangan mo ng interpreter para sa pamamagitan, maglalaan nito ang Opisina ng Pagdinig.

Maaari kang magpatulong o humingi ng suporta mula sa isang abogado o ibang tao sa pagpupulong na may tagapamagitan. Maaari kang humiling sa isang abogado o ibang tao na tulungan kang maghanda para sa pagpupulong ninyo na may tagapamagitan. Dapat mong sabihin sa regional center nang hindi bababa sa 5 araw bago ang pagpupulong na may tagapamagitan kung magpapapunta ka ng isang abogado sa pagpupulong na ito. Hindi maaaring magpapunta ang regional center ng abogado sa pagpupulong na may tagapamagitan maliban kung ikaw ay isang abogado o may pinapunta kang abogado.

Maaaring lumampas ng higit sa isang pagpupulong na may tagapamagitan bago maabot ang isang resolusyon. Maaari kayong magkasundo ng regional center sa mga karagdagang pagpupulong kasama ang Tagapamagitan.

Ano ang mangyayari sa pagtatapos ng pagpupulong na may tagapamagitan?

Kung ikaw at ang regional center ay nagkasundo:

- Ang Tagapamagitan, sa tulong mo at ng regional center, ay magsusulat ng isang kasunduan sa tulong ng tagapamagitan. Ibabalangkas sa kasunduang ito kung ano ang sinasang-ayunan ng bawat isa sa inyo na gawin at ang petsa na gagawin ninyo ito. Pipirmahan ninyo itong lahat.
- Ikaw at ang regional center ay pipirma rin sa isang form na Notipikasyon ng Resolusyon. Narito ang isang blangkong halimbawa ng form na ito upang makita mo kung ano ang hitsura nito: <https://www.dds.ca.gov/general/appeals-complaints-comments/forms/NOR.pdf>.
- Ang kasunduan ay magkakabisa sa loob ng 10 araw pagkatapos mong sumang-ayon.

Kung ikaw at ang regional center ay hindi sumasang-ayon sa lahat o sa isang bahagi ng desisyon ng Tagapamagitan:

- Ikaw at ang regional center ay maaaring magkasundo na magkaroon ng isa pang pagpupulong na may tagapamagitan.
- Ang iyong aid paid pending ay magtatapos 10 araw pagkatapos ng pamamagitan maliban kung pipili ka ng isa pang bahagi ng proseso ng apela. Nangangahulugan ito na ang mga serbisyong ipinagpatuloy sa panahon ng iyong apela ay titigil.
- Sabihin sa Tagapamagitan at sa regional center na gusto mong ipagpatuloy ang iyong apela.
- Sasabihin ng Tagapamagitan sa DDS at sa Opisina ng Pagdinig.

- Kung humingi ka ng pagdinig sa iyong form ng Kahilingan na Mag-apela, susunod na mangyayari iyon.
- Kung hindi ka humiling ng pagdinig noong una kang humiling ng apela, maaari mong i-update ang iyong kahilingan na mag-apela upang humingi ng pagdinig. Ipaalam sa DDS na gusto mo ng pagdinig sa pamamagitan ng paghahain ng form ng pagbabago sa kahilingan na mag-apela kasama ang [tracking number ng iyong kahilingan na mag-apela](#) na natanggap mo mula sa DDS.

Kung kailangan mo ng tulong, pumunta sa [Seksyon 2](#) ng paketeng ito.

Pagdinig

Ang ikatlong bahagi ng proseso ng apela ay isang pagdinig. Ito ay isang pagdinig kasama ng isang Opisyal ng Pagdinig. Ang Opisyal ng Pagdinig ay naglilikom ng impormasyon, nagsusuri ng mga dokumento, at nakikinig sa pagpapatotoo mo, ng regional center, at ng mga saksi. Ang Opisyal ng Pagdinig ay gumagawa ng desisyon tungkol sa iyong apela.

Oras at Lugar para sa Iyong Pagdinig

Ipapaalam sa iyo at sa regional center ng Opisina ng Pagdinig ang petsa at oras ng iyong pagdinig. Hindi ito maiiskedyul sa alinman sa mga petsa o oras na hindi ka maaari na nakalista sa iyong form ng kahilingan na mag-apela maliban kung sumasang-ayon ka.

Dapat isagawa ang pagdinig sa loob ng 50 araw mula sa petsa na natanggap ng DDS ang iyong kahilingan na mag-apela. Maaari kang humiling ng pagpapatuloy kung kailangan mo ng mas maraming oras. Ang pagpapatuloy ay magpapahaba sa mga deadline ng pagdinig.

Ang pagdinig ay maaaring isagawa sa personal, sa telepono, sa pamamagitan ng videoconference o sa pamamagitan ng iba pang elektronikong paraan, depende sa kung ano ang hiniling mo. Ikaw at ang regional center at ang Opisina ng Pagdinig ay nagkakasundo tungkol sa kung paano isagawa ang pagdinig.

Ano ang Mangyayari Bago ang Isang Pagdinig

Bibigyan ka at ang Opisina ng Pagdinig ng nakasulat na pahayag ng posisyon ng regional center dalawang araw ng negosyo bago ang pagdinig. Ipapadala ito sa pamamagitan ng email maliban kung gusto mong matanggap ito sa ibang paraan.

Ang pahayag ng posisyon ay dapat ibigay sa gusto mong wika at sa gustong wika ng iyong awtorisadong kinatawan. Nakasaad sa pahayag ng posisyon ang mga impormasyon tungkol sa desisyon ng regional center at mga dahilan para sa desisyon. Kabilang dito ang impormasyon tungkol sa mga saksi ng regional center. Kasama rin dito ang mga dokumentong gagamitin ng regional center sa pagdinig.

Kung dadalo ang isang abogado sa pagdinig kasama ka, dapat silang magbigay ng pahayag ng posisyon at mga dokumentong gagamitin mo sa pagdinig dalawang araw ng negosyo bago ang pagdinig.

Kung wala kang abogado, dapat kang magbigay ng impormasyon sa regional center at sa Opisina ng Pagdinig dalawang araw ng negosyo bago ang pagdinig. Ang impormasyong dapat mong ibahagi ay:

- Isang listahan ng mga taong gusto mong tumestigo sa pagdinig. Dapat mong ilista kung paano nauugnay sa iyo ang mga taong ito. Halimbawa, ang taong iyon ay maaaring isang kapamilya, o therapist, o doktor.
- Mga kopya ng anumang propesyonal na pagtatasa o ulat na gagamitin mo sa pagdinig. Maaari itong isang report mula sa isang doktor o therapist.

Kung wala kang abogado, maaari kang magbigay ng mga kopya ng iba pang mga dokumento bago o sa panahon ng pagdinig. Maaari ka ring magsumite ng nakasulat na pahayag tungkol sa iyong kaso, ngunit hindi mo kailangang magbigay nito.

Kung hindi mo ibibigay ang impormasyong dapat mong ibahagi, maaari kang bigyan ng Opisyal ng Pagdinig ng mas maraming oras para makuha ito at ipagpatuloy ang pagdinig, o magpatuloy nang wala ang impormasyong iyon, o kumbinasyon ng mga pagpipiliang ito.

Para sa impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan sa isang pagdinig, pumunta sa [Seksyon 5](#) ng paketeng ito.

Ano ang Mangyayari sa Pagdinig

Ang pagdinig ay bukas sa publiko maliban kung sasabihin mo sa Opisyal ng Pagdinig na ayaw mong dumalo ang publiko.

Ang pagdinig ay isasagawa ng isang Opisyal ng Pagdinig. Ang Opisyal ng Pagdinig ay nakikinig sa impormasyong ibibigay ng iyong mga saksi at ng mga saksi ng regional center. Sinusuri rin ng Opisyal ng Pagdinig ang mga dokumentong ibibigay mo at ng regional center.

Dapat gawin ng Opisyal ng Pagdinig na patas at hindi pormal ang pagdinig. Dapat tulungan ka at ang regional center ng Opisyal ng Pagdinig na ibahagi ang mga

katotohanan. Ito ay tinatawag na "engaged neutrality". Upang makatulong na ibahagi ang mga katotohanan, maaaring gawin ng isang Opisyal ng Pagdinig ang sumusunod:

- Tanungin ang sinumang saksi,
- Tumawag ng saksi para tumestigo sa pagdinig, at
- Sa pagtatapos ng pagdinig, bigyan ng mas maraming oras upang tumestigo ang sinumang saksi o magbigay ng iba pang mga dokumento.

Deadline para sa Pagkuha ng Desisyon sa Pagdinig

Ang Opisyal ng Pagdinig ay ang karaniwang gumagawa ng pinal na desisyon. Ang desisyon ay ginagawa at ipinapadala sa iyo at sa regional center sa loob ng 10 araw ng negosyo pagkatapos ng huling araw ng pagdinig. Dapat din itong gawin at ipadala nang hindi lalampas ng 80 araw pagkatapos ng petsa na natanggap ng DDS ang kahilingan na mag-apela. Ang mga deadline na ito ay pinapalawig kung may humiling ng karagdagang oras sa proseso ng apela, na tinatawag na "pagpapatuloy o continuance".

Minsan ang DDS Director ang gagawa ng pinal na desisyon. Kung mangyari ito, padadalhan ka ng DDS ng desisyon nang hindi hihigit sa 90 araw pagkatapos ng petsa na natanggap ng DDS ang kahilingan na mag-apela. Ang deadline na ito ay pinapalawig kung may pagpapatuloy.

Ang desisyon sa pagdinig ay nasa iyong gustong wika. Makakakuha ka rin ng kopya sa Ingles.

Ang desisyon sa pagdinig ay ang pinal na desisyon maliban na lang kung ikaw o ang regional center ay humiling ng muling pagsasaalang-alang. Ito ay tinatalakay sa ibaba.

Kung kailangan mo ng tulong, pumunta sa [Seksyon 2](#) ng paketeng ito.

Pagkatapos ng Desisyon sa Pagdinig

Muling pagsasaalang-alang

Pagkatapos ng pagdinig, ikaw o ang regional center ay maaaring humiling ng "muling pagsasaalang-alang." Ang muling pagsasaalang-alang ay isang paraan upang itama ang isang pagkakamaling klerikal o itama ang isang pagkakamali sa katotohanan o batas sa isang desisyon sa pagdinig. Maaaring kabilang din dito ang muling pagsasaalang-alang sa isang tinanggihan na kahilingan upang madiskwalipika ang isang Opisyal ng Pagdinig. Ito lamang ang mga salik na maaaring tugunan ng muling pagsasaalang-alang. Dapat kang

humingi ng muling pagsasaalang-alang sa loob ng 15 araw pagkatapos matanggap ang desisyon sa pagdinig.

Aid Paid Pending Pagkatapos ng Desisyon sa Pagdinig

Ang iyong kasalukuyang mga serbisyo ay magtatapos:

- 15 araw pagkatapos mong matanggap ang pinal na desisyon sa pagdinig maliban kung ikaw o ang regional center ay humiling ng muling pagsasaalang-alang, O
- 15 araw pagkatapos mong matanggap ang desisyon sa muling pagsasaalang-alang.

Pagpapatupad ng Desisyon sa Pagdinig

Dapat ipatupad ng regional center ang pinal na desisyon sa pagdinig. Dapat itong mangyari sa lalong madaling panahon at hindi hihigit sa 30 araw pagkatapos ng petsa ng pinal na desisyon. Kung hindi maaabot ng regional center ang deadline na iyon, dapat nilang sabihin sa iyo at sa DDS. Dapat nilang sabihin sa iyo ang mga natatanging dahilan kung bakit hindi maipapatupad ang desisyon. Dapat nilang sabihin sa iyo kung kailan nila ipapatupad ang desisyon. Narito ang isang blangkong halimbawa ng liham na dapat ipadala sa iyo ng regional center: <https://www.dds.ca.gov/general/appeals-complaints-comments/forms/delayletter.pdf>, para makita mo kung ano ang hitsura nito. Kung kailangan mo ng tulong mula sa DDS na maipapatupad ang desisyon sa iyong pagdinig, punan ang form na ito online o i-email ito sa hearingimplementation@dds.ca.gov: <https://www.surveymonkey.com/r/HearingImpDelay-Consumers>

Mga Apela sa Hukuman

[Ikaw o ang regional center ay maaaring maghain ng apela sa nakatataas na hukuman. Ang isang apela sa hukuman ay dapat ihain sa loob ng 180 araw pagkatapos ng desisyon sa pagdinig. Kadalasang nangangailangan ito na kumuha ka ng isang abogado.](#)

Kung kailangan mo ng tulong, pumunta sa [Seksyon 2](#) ng paketeng ito.

Flow Chartng Proseso ng Apela at Mga Deadline

Para matulungan kang maunawaan ang proseso ng apela, bumuo ang DDS ng flow chart. Ipinapakita sa iyo ng flow chart ang mga hakbang sa proseso ng apela at mahahalagang deadline. Narito ang isang online na kopya ng flow chart na ito:

<https://www.dds.ca.gov/general/appeals-complaints-comments/forms/flowchart.pdf>.